Proteksyon sa Ilalim ng Patas na mga Batas sa Pabahay

Ang patas na pederal na mga batas sa pabahay ay nagproprotekta ng iyong karapatan na manirahan sa lugar na iyong nais. Ipinagbabawal nila ang diskriminasyon base sa lahi, kulay, pinagmulang nasyonal, relihiyon, kasarian, (kabilang ang katauhang pangkasarian), estado sa pamilya (mga batang may edad ng mas mababa sa 18 sa pamilya), at disabilidad sa pag-iisip o sa pisikal.

Ang mga batas sa estado ng California ay kinabibilangan ng karagdagang mga klase na protektado, nagbabawal ng diskriminasyon na base sa edad, ninuno, pagkamamamayan, sekswal na pag-aangkop, estado ng imigrasyon, pangunahing lengguwahe, katayuan ng pag-aasawa, pinagkukuhanan ng kita, o alin pa mang di-makatwirang dahilan.

Makipag-ugnayan sa Amin

Tel: (415) 457-5025
TDD: (800) 735-2922

851 Irwin Street, Suite 218
San Rafael, CA 94901

www.fairhousingnorcal.org
fhanc@fairhousingnorcal.org

naa-access ang wheelchair
Se habla espanol

Ang Aming Misyon

Na matiyak ang patas na oportunidad sa pabahay at turuan ang komunidad patungkol sa halaga ng pagkakaiba-iba sa ating sambahayan.

Tandaan: Ang materyal na ito ay batay sa gawaing suportado ng Kagawaran ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod (HUD) sa ilalim ng FHIP EOI Grant FEOI1900399. Anumang opinyon, natuklasan, at konklusyon o rekomendasyon na ipinahayag sa materyal na ito ay sa (mga) may-akda at hindi kinakailangang sumasalamin ng pananaw ng HUD.

FAIR HOUSING ADVOCATES OF NORTHERN CALIFORNIA

Pagprotekta ng Iyong mga Karapatan sa Patas na Pabahay

Paano ka Makakatulong

Magbigay ng Donasyon

Ang iyong regalo ay maaaring magbigay kasiguraduhan sa patas na karapatan sa pabahay para sa aming mga residente. Pumunta sa website, www.fairhousingnorcal.org, at i-click ang 'Donate'.

Dumalo sa isang kaganapan

Bisitahin ang aming website para sa kasalukuyang iskedyul ng mga kaganapan.

Manguna sa isang programa

Mag-iskedyul ng isang pagsasanay sa patas na pabahay, isang outreach workshop, paaralan o iba pang programang pang-edukasyon.

Mga oportunidad sa pagboluntaryo

Maging isang kandidato para sa aming pamunuan o Board of Directors o tumulong sa pagkalap ng pondo, marketing, pagdisenyo ng website o iba pang larangan ng pagkadalubhasa. Ang mga estudyante at ligal na intern ay tinatanggap.

Maging isang tagasiyat ng patas na pabahay

Magsagawa ng mga imbestigasyon para sa sa nga sibil na karapatan na makakatulong sa pagtuklas ng mga diskriminasyon sa pabahay sa pamamagitan ng pagsusuring base sa reklamo o sistematiko.

Mga Programa at Serbisyo

Para sa mga taga-Renta: Pagkuha, pagpapayo sa patas na pabahay, at tulong sa pag-file ng mga reklamo; tulong na mayroong makatuwirang hiling sa akomodasyon para sa mga taong may kapansanan, pagsusuri sa patas na pabahay base sa reklamo

Para sa mga May-Ari ng Bahay: Pagtuturo at pagpapayo sa pag-iwas sa remata

Para sa mga Bibili ng Bahay: Pagtuturo at pagpapayo sa bago ang pagbili

Para sa Industriya ng Pabahay: Pagsasanay sa Patas na Pabahay, mga pagpupulong at mga mapagkukunan

Para sa Komunidad: Edukasyon at pagsasanay sa patas na pabahay, *Affirmatively Furthering Fair Housing* at adbokasiya sa abot-kayang pabahay, at sistematikong mga imbestigasyon ng diskriminasyon

Para sa mga Bata: Mga programa sa paaralan na nagbubunyi ng pagkakaiba-iba: pagkukwento, at mga paligsahan ng karatula at tula

Mga Lugar ng Serbisyo

Kami ay isang ahensya na buo ang serbisyo sa patas na pabahay na nagbibigay ng iba’t-ibang lebel ng serbisyo sa mga lalawigan ng Marin, Solano, at Sonoma. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang aming website sa www.fairhousingnorcal.org.

Mga Senyales ng Posibleng iskriminasyon

- Ikaw ay pinagkakaitan ng pabahay o ikaw ay ginugulo sa iyong kasalukuyang tahanan dahil ikaw ay miyembro ng isang klase na protektado sa ilalim ng batas ng patas na pabahay.
- Tinatrato ka ng hindi maganda kumpara sa ibang nangungupahan dahil sa iyong lahi o lahi ng iyong mga bisita.
- Ikaw ay sinisingil ng mas mataas ng deposito dahil ikaw ay may mga anak, o inilalayo sa mga bahagi ng isang kompleks.
- Ikaw ay hinihingan ng green card habang nag-aaplay para sa isang apartment dahil sa iyong nasyonalidad.
- Sinasabihan ka ng iyong inaasahang kasero na ipinagbabawal niya ang higit sa 3 tao sa isang unit na mayroong dalawang kwarto.
- Ikaw ay may kapansanan at hindi sayo ibinibigay ang iyong kahilingan ng makatwirang akomodasyon upang magkaroon ng suportang emosyonal/service animal.
- Ikaw ay nakaranas ng sekswal na pananamantala mula sa iyong kasero o kanyang tauhan.
- Ikaw ay nakararanas ng karahasan sa loob ng iyong
- tahanan (domestic violence) at pinapaalis ka ng iyong kasero dahil sa pagiging sanhi ng isang kaguluhan.